Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 6, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay

DI-DUMALO

Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

**KAPASIYAHAN BLG. 127-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 18-T'09 / KAUTUSAN BLG. 01-T'09 NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BARANGAY NG JASAAN NA NAG-AATAS SA MGA MAG-AALAGA NG ITIK NA MAGPAPASTOL SA TUBIGAN NA KUMUHA NG BARANGAY KLIRANS AT NAGTATAKDA NG KAPARUSAHAN SA LUMABAG.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 18-T'09 / Kautusan Blg. 01-T'09 ng Kagalang-galang Sangguniang Barangay ng Jasaan na nag-aatas sa mga mag-aalaga ng itik na magpapastol sa tubigan na kumuha ng barangay klirans at nagtatakda ng kaparusahan sa mga lumabag;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan / kautusan ng barangay ay napaliwat sa Lupon sa Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T**, nagkaroon ng pagbabalik sa barangay ng nasabing kapasiyahan / kautusan para sa pagtutuwid at pagsasaayos;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagtatama, pagtutuwid, pagsasaayos at pagbabalik sa sangguniang ito ay iminungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan na pagtibayin na ang nasabing kapasiyahan /kautusan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan ( Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon at Isagani R. Malapaya at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 18-T'09/Kautusan Blg. 01-T'09 ng Kagalang-galang Sangguniang Barangay ng Jasaan na nag-aatas sa mga mag-aalaga ng itik na magpapastol sa tubigan na kumuha ng barangay klirans at nagtatakda ng kaparusahan sa mga lumabag.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan at Sangguniang Barangay ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat
NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan